

## Iपालabas ng White House Task Force on New Americans ang Progreso sa Isang Taon

Bilang isang anak na babae at lalaki ng mga imigrante, kami ay namuhay batay sa "American Dream" o Pangarap ng Amerika. Araw-araw, malapit naming katrabaho ang mga opisyal ng pamahalaan na lubos na may pananagutan para matiyak na ang pangako ng pangarap na ito ay magagamit ng lahat ng mga Amerikano, kasama na rito ang mga pinakabagong Amerikano. Ito ang dahilan kung bakit kami ay pinarangalan na magsilbi bilang mga co-chair ng White House Task Force on New Americans.

Noong isang taon, ang Presidente ay nagtatag ng Task Force upang makabuo ng maayos na estratehiya ang pamahalaan para mas mainam na maisama at malugod na tanggapin ang mga bagong Amerikano sa mga komunidad at suportahan ang mga pagsisikap ng mga estado at bayan para ganito rin ang gawin. Tulad nang ipinahayag ni Presidente Obama sa kaniyang presidential memorandum na itinatag itong pagsisikap sa pagsasama, "Sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa pambayan, pang-ekonomiya, at pang-wikang integrasyon sa mga bagong Amerikano, matutulungan natin ang mga imigrante at refugee sa Estados Unidos na ganap na makapagbigay ng kontribusyon sa ating ekonomiya at sa kani-kanilang mga komunidad."

Ngayon, ikinalulugod naming ibahagi na ang Ulat ng Progreso sa Isang Taon ng Task Force sa pagpapatupad ng malakas na estratehiya nito para sa pederal na integrasyon ng imigrante at refugee. Ang ulat ay nagdidiin sa mga kilos ng Task Force at mga natamo mula sa 16 na mga pangunahing layunin at 48 na mga rekomendasyon na kinilala nito sa May Estratehiyang Plano sa Pagkilos (Strategic Action Plan) noong Abril 2015.

Kasama sa mga matagumpay na natamo hanggang sa ngayon, ang Task Force ay:

- Namuno sa Pagtatayo ng Kampanya sa Pagtanggap sa Mga Komunidad upang mahikayat ang mga pagsisikap para sa lokal na integrasyon ng mga imigrante at refugee, kasama ng 48 mga lungsod at county na kasama na sa nasabing pagsisikap, at inayos ang isang White House Building Welcoming Community na nagtitipon-tipon para sa mga kalahok na lungsod at county;
- Inilunsad ang dalawang inisyatibo ang "Stand Stronger" Citizenship Awareness na kampanya kasama ng isang video na mensahe mula kay Presidente Obama at ka-partner ang mga lokal na komunidad, at pati na rin ang mga kaugnay na kampanya sa U.S. Citizenship and Immigration Services para maitaguyod ang kamalayan sa mga karapatan, responsibilidad, at kahalagahan ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos;
- Hinirang ang mga Presidential Ambassador para sa Citizenship and Naturalization upang magamit ang mga kuwento ng mga kilalang bagong Amerikano at ang mga ipinanganak sa Estados Unidos na indibiduwal na may lahing imigrante para mataguyod ang naturalization, mapatibay ang mga inisyatibo para sa integrasyon, at mapalawak ang kamalayan ng masasaganang kontribusyon ng mga bagong Amerikano;
- Naglaan ng 150 Welcoming Communities AmeriCorps na mga miyembro sa halos 100 mga komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa YMCA, mga Kawang-Gawang Katoliko, at

walong mga organisasyon para sa pagpapatira ng mga refugee para matulungan ang mga lokal na komunidad sa mga pagsisikap nito para sa integrasyon;

- Inilunsad ang website na “Made It In America” na website ng Small Business Administration para mataguyod ang pagsisimula sa negosyo ng imigrante at pinasimulan ang bagong "SBA 101" na klase para sa mga negosyanteng imigrante at refugee;
- Pinalawak ang access sa pang-wikang integrasyon at edukasyon sa pamamagitan ng paglikha at paghihiwa-hiwalay ng mga pinakamainam na pamamalakad at mga hosting webinars, mga pagtipon-tipon sa rehiyon, at iba pang mga aktibidad para ma-ugnay ang mga bagong Amerikano sa sistema ng edukasyon; at
- Sinuportahan ang limang komunidad na hinahangad na makapagtatag ng mga samahan para mapatibay ang integrasyon sa pamamagitan ng mga tagapagkaloob ng edukasyon para sa mga adulto.

Ang mga imigrante at refugee ay matagal nang pinagkukuhanan ng lakas ng Amerika. Sa pamamagitan ng higit pang pag-abot kamay, ang Estados Unidos ay patuloy na nakatagpo ng mga bagong mapagkukuhanan ng sigla para sa ekonomiya at sa kultura. Magagawa at dapat nating ipagpatuloy na ipagsama ang mga pamilya; malugod na tanggapin ang mga mag-aaral, mga manggagawa at mga negosyante na hinahangad na makapag-ambag sa ating komunidad; at manatiling isang liwanag ng pag-asa para sa mga mahihinang refugee, habang tinitiyak ang pinakasukdulang pagbabantay sa seguridad ng ating bansa. Tulad nang sinabi ni Presidente Obama, tayo ay itinatag batay sa isang paniniwala sa dignidad ng sangkatauhan, at hindi natin kailanman dapat kalimutan kung ano ang dahilan kung bakit tayo pambihira. Sa puso nito ay ang ating kakayahan, sa paglipas ng mga henerasyon, para malugod na tanggapin ang mga baguhan at tulungan sila na matuto at mamuhay ayon sa mga pinapahalagahan natin bilang mga Amerikano.